Kagawaran ng Katarungan ng U.S.

Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.

# Pagharap sa Panliligalig sa mga Paaralan na Nauugnay

## Isang Sanggunian para sa mga Pamilya

Ang panliligalig at iba pang diskriminasyon na nagmumula sa pagtatangi at walang batayang mga takot tungkol sa coronavirus (COVID-19) ay mali at maaaring magkaroon ng mga mapanirang epekto sa mga mag-aaral at sa kanilang pamilya.

Sa panahon ng pandemya, ang maling impormasyon at mapanirang mga pahayag tungkol sa mga pamayanang Asyano, Amerikano at Taga-isla ng Pasipiko (Asian American and Pacific Islander, AAPI) ay humantong sa pagtaas ng mga hindi pagpaparaya sa buong bansa—mula sa pasalitang panliligalig hanggang sa karahasan. Sa mga paaralan sa buong bansa, iniulat ng mga mag-aaral na AAPI ang pambu-bully at panliligalig ng mga kamag-aral dahil sa kanilang lahi o bansang pinagmulan, kasama na ang kanilang etnisidad, lipi, at wika.

Ang mga pampublikong paaralang elementarya at sekondarya pati na rin ang mga kolehiyo at unibersidad ay may responsibilidad na siyasatin at tugunan ang diskriminasyon, kabilang ang panliligalig, pagpuntirya sa mga mag-aaral dahil sa kanilang lahi o bansang pinagmulan. Kapag nabigo ang mga paaralan na gumawa ng naaangkop na mga hakbang, maaaring makatulong sa pagpapatupad ang Seksyon ng mga Pagkakataon sa Edukasyon ng Dibisyon ng mga Karapatang Sibil (Civil Rights Division, CRT) sa Kagawaran ng Katarungan ng U.S. at ng Opisina para sa mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights, OCR) sa Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.

## Mga halimbawa ng mga uri ng insidente na maaaring imbestigahan ng CRT at OCR:

Naitala ng mga nasa gitnang paaralan ang kanilang sarili na sumisigaw ng "mga nagpapakalat ng virus!" sa kanilang mga kaklaseng Asyanong Amerikanosa klase at ini post ang mga video sa social media. Napag alaman ng mga tagapangasiwa ng paaralan ang mga video ngunit tumanggi silang mag imbestiga o gumawa ng anumang pagkilos para maprotektahan ang mga mag aaral na Asyanong Amerikano mula sa higit pang panliligalig sa paaralan.

Ang mga nasa mataas na paaralan ay nag post nang hindi nagpapakilala sa mga chat window sa isang hiwalay na klase na sinira ng kamag aral na Asyanong Amerikano ang buong taon ng pag aaral dahil sa pagdadala ng "Virus ng Tsina" sa komunidad. Nakikita ng guro ang chat ngunit hindi niya tinugunan ang mga komento o nilimitahan ang pagpo post nang hindi nagpapakilala. Pinatay ng estudyanteng Asyanong Amerikano ang kanyang video para hindi siya makita ng ibang mag aaral ngunit nagpatuloy ang mga chat.

Kapag naghahanda sa pagbabalik sa personal na pag-aaral, tinatanong ng isang punong guro ng elementarya ang mga magulang ng mga Asyanong Amerikanong mag aaral tungkol sa paglalakbay sa Tsina, mga koneksyon ng pamilya sa Asya, at humihingi ng patunay ng isang negatibong pagsubok para sa COVID-19 bago maipatala ang bata. Hindi hinihiling ng distrito ang impormasyong ito mula sa mga mag aaral na walang lahing Asyano.

Sa isang panggitnang paaralan, nagkokomento ang mga mag aaral sa cafeteria tungkol sa pagsusuot ng dobleng mask kapag may nasa malapit na mga Asyanong Amerikanong mag aaral. Pinagtutuya din nila ang mga mag aaral na Asyanong Amerikano na nag uusap sa kanilang katutubong wika, nang ganap na nakikita ng nasa hustong gulang na tagasubaybay sa tanghalian. Upang maiwasan ang hidwaan, nagsimulang umupo ang mga estudyanteng Asyanong Amerikano sa ibang lamesa.

Sinabihan ng isang tagapangasiwa ng pabahay sa kolehiyo ang isang mag-aaral na Asyanong Amerikano na isaalang alang ang pabahay sa labas ng kampus sa halip na ang mga dormitoryo ng kolehiyo, ipinaliwanag niya na maaaring hindi komportable ang ibang mag aaral na manirahan sa silid ng dormitoryo na may estudyanteng Asyanong Amerikano hanggang sa mabakunahan ang lahat.

Kagawaran ng Katarungan ng U.S.

Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.

# Paano kung Nakakaranas ang Mag-aaral ng Diskriminasyon

Kung naniniwala kang hindi patas ang pagtrato sa isang mag-aaral—halimbawa, trinato nang naiiba, naligalig, binully, o ginantihan—dahil sa kanilang lahi o bansang pinagmulan, may ilang pagkilos na maaari mong gawin:

1. **Abisuhan kaagad ang isang pinuno ng paaralan** (halimbawa, punong guro o kawani ng mga ugnayan ng mag aaral). Kung hindi mo makuha ang tulong na kailangan mo, maghain ka ng pormal na reklamo sa paaralan, distrito ng paaralan, kolehiyo, o unibersidad. Itago ang mga rekord ng mga matatanggap mong tugon.

2. **Isulat ang mga detalye** tungkol sa kung ano ang nangyari, saan at kailan nangyari ang insidente, kung sino ang kasangkot, at ang pangalan ng sinumang mga saksi. Gawin ito sa bawat kaganapan ng diskriminasyon at magtago ng mga kopya ng anumang nauugnay na mga dokumento o iba pang impormasyon.

3. Hilingin sa paaralan o kolehiyo/unibersidad na isalin ang mga dokumento nito (tulad ng form ng rekla-mo) at mga mensahe sa isang wikang naiintindihan mo. **Humingi ng interpreter kung kailangan mo ng tulong sa** pakikipag-usap sa mga tauhan ng paaralan sa.

4. Kung ang paaralan o kolehiyo/unibersidad ay hindi gumawa ng mga hakbang upang matugunan ang iyong reklamo o magpapatuloy ang diskriminasyon, **isaalang-alang ang paghain ng reklamo** sa Dibisyon ng mga Karapatang Sibil ng US Kagawaran ng Katarungan ng U.S. sa **civilrights.justice.gov**, o sa Opisina para sa mga Karapatang Sibil sa Kagawaran ng Edukasyon ng U.S. at **https://www2.ed.gov/ocr/complaintintro.html** (para maghain ng reklamo sa Ingles) o **https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/docs/howto.html** (para maghain ng reklamo sa hindi Ingles na wika).

*"Walang sinuman sa Estados Unidos ang dapat mabuhay nang may takot na mabiktima dahil sa kung sino sila, kung paano sila sumamba, saan sila nagmula, o sino ang mahal nila. Ang pagkakaiba-iba ay mahalaga sa kung sino tayo bilang isang."*

– Pamela Karlan, Pangunahing Katulong na Diputado Pangkalahatang Abogado para sa mga Karapatang Sibil, Kaga

*"Dapat walang puwang sa Amerika ang rasismo at pagkapoot sa dayuhan. Ang pagkakaiba-iba ay isang dakilang kalakasan ng ating bansa, at ang Opisina para sa mga Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Edukasyon ay nakatuon sa paglaban sa diskriminasyon at nagsusumikap para sa isang mas pantay na hinaharap para sa mga mag-aaral ng."*

- Suzanne B. Goldberg, Tumatayong Katulong na Kalihim para sa mga Karapatang Sibil, Kagawaran ng Edukasyon

